

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Aabante ang Lungsod ng Brampton sa opsyon ng streetscaping para muling pasiglahin ang downtown nito**

BRAMPTON, ON (Setyembre 23, 2021) – Patuloy na gumagawa ng mahalagang hakbang ang Brampton sa muling pagpapasigla sa downtown nito, kasama ang Brampton Komite ng Konseho na nag-apruba sa \$16.6M pamumuhunan sa trabaho ng streetscaping bilang bahagi ng unang yugto ng Integrated Downtown Plan (IDP) ng Lungsod.

Sumasalilalim ang Downtown Brampton sa isang transpormasyon habang ang Lungsod ay patuloy na muling pinag-iisipan at binago ang mga pampublikong espasyo para makatugon sa mga lokal na pangangailangan, suportahan ang pagbangon ng ekonomiya, lumikha ng mga trabaho, at bumuo ng masigla, madaling nakakabangon na mga komunidad para mas mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga residente ng Brampton. Sa ganap na pakikipagtulungan sa trabaho sa imprastruktura sa Downtown ng Rehiyon ng Peel, aabante ang Lungsod sa mga inisyatiba sa streetscaping na kinabibilangan ng pagpapalit sa mga bangketa na may tone pavers at resurfacing na mga daan na may pinalapad na mga bangketa sa dalawang gilid ng Queen at Main Street. Ito ay tinatayang \$16.6 milyon na pamumuhunan na magsisilbing lilikha ng de kalidad na mga urban na espasyo para sa komersyal na aktibidad, mga taong naglalakad at mga nagbibisikleta at bubuo ng aktibong mga link sa pagitan ng Etobicoke at Fletchers Creeks, at lilikha ng pinahusay na lugar ng mga taong naglalakad sa downtown core.

Sinabihan ang staff na bumuo ng Downtown Brampton Streetscape Manual para tutugma sa pag-apruba ng IDP, na mag-aabiso sa diverse na lokal na mga kapitbahayan sa loob ng downtown Brampton.

Dagdag pa, magsasagawa ang staff ng 8-linggong Urban Design Activation Strategy para pag-aralan ang mga pagkakataon ng pag-debelop para sa pansamantala at pangmahabang panahong urban design activations sa downtown. Ang saklaw ng trabaho ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, pag-instala ng itinalagang mga lane ng bisikleta sa Main Street hanggang downtown, pagtatalaga ng on-sidewalk movable planters at landscaping elements, semi-mountable curbs, street prints sa mga tawiran, at mga karatula ng paghahanap ng daan, at instalasyon ng spare ducts sa loob ng konstruksyon para i-accommodate ang fiber optics sa hinaharap para sa telecommunications.

Maaaring umpisahan kaagad ng Lungsod ang engineering na disenyo, na ang disenyo ay inaasahang matapos sa unang bahagi ng 2023. Ang komunidad ng negosyo ng downtown ng Brampton ay labis na natamaan ng pandemyang COVID-19, at dedicated ang Lungsod sa pagpapababa sa mga gambala at pagsuporta sa kanila sa kanilang pagbangon sa ekonomiya.

Nagpapatuloy rin ang Lungsod sa pagtukoy sa mga pangmaikling panahon na estratehiya para suportahan ang kasiglahan ng downtown na maaaring ipatupad sa loob ng susunod na dalawang taon. Sa pagpupulong nito kahapon, inaprubahan ng Komite ang instalasyon ng mga mural, bumuo at nagpanukala sa pakikipagkonsulta sa STEPS, tungkol sa mga harap ng tindahan na pag-aari ng Lungsod at ang mga traffic control box na pag-aari ng Lungsod at Rehiyon sa Queen Street East. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sining at kultura sa Brampton, bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

Ang IDP ay isang strategic na plano para sa aksyon – kino-coordinate ang maraming nagpapatuloy ng inisyatiba ng downtown Brampton at mga proyekto sa imprastruktura. Inaasahan itong gumabay sa pag-unlad sa hinaharap at strategic na pamumuhunan hanggang 2051.

Ang gumagabay na mga prinsipyo ng IDP ay pagsasali, inobasyon at pagiging sustenable. Tutulong ito sa pag-coordinate sa mga upgrade sa imprastruktura, urban design, paggamit ng lupain, at mga interbensyon sa programa – pinoposisyon ang Brampton bilang isang mahalagang drayber sa ekonomiya, rehiyonal na pangkulturang hub, at Innovation District.

Para sa karagdagang impormasyon sa IDP, bisitahin ang [www.brampton.ca/IDP](http://www.brampton.ca/IDP)

### **Mga Quote**

“Nagsisikap tayo para palakasin at buksan ang potensyal ng downtown Brampton, at sa pag-apruba nitong \$16.6 milyong pamumuhunan sa trabahong streetscaping bilang bahagi ng unang yugto ng Integrated Downtown Plan ng Lungsod, tayo ay mas malapit na naman ng isang hakbang sa paglikha ng de kalidad na urban na espasyo at pinahusay na lugar ng mga taong naglalakad sa ating downtown core. Inaasahan ko ang pagsaksi na ang downtown Brampton ay tuloy-tuloy na magbabago tungo sa masigla at madaling nakakabangon na komunidad para sa ating mga residente, negosyo at mga panauhin.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga negosyo ng ating downtown ay natamaan nang matindi ng pandemyang COVID-19, at committed tayo sa pagsuporta sa kanila sa bawat paraan na magagawa natin sa kanilang paglalakbay sa pagbangon ng ekonomiya. Ang streetscaping na proyektong ito, kasama ang komplementaryong pangmaikling panahong mga estratehiya para suportahan ang downtown, ay magsisilbi para iposisyon ang Brampton bilang isang pang-ekonomiyang drayber, panrehiyon na pangkultural hub at Innovation District. Inaasahan natin ang mga benepisyong ihahatid ng Integrated Downtown Plan sa ating downtown, mga residente at mga lokal na negosyo.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod, committed tayo sa pagpapasigla sa ating downtown at paglikha ng kompletong mga komunidad na titirhan, pagtrabahuan at paglaruan ng ating mga residente. Sa pagsulong sa unang yugto ng Integrated Downtown Plan, pati na rin sa komplementaryong mga inisyatiba tulad ng instalasyon ng public art at ng Estratehiya sa Urban Design Activation, pinag-iisipan nating muli at binabago ang ating mga pampublikong espasyo para makalikha ng mga trabaho, suportahan ang pagbangon ng ekonomiya at pagandahin ang kalidad ng buhay para sa ating mga residente.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Sa ngalan ng Downtown Brampton BIA, labis naming ikinagagalak ang marinig ang mga plano at projection ng staff sa labis na kinailangang pagpapalakas para sa downtown Brampton. Labis tayong

may tiwala na ang ating mga eksperto sa pagpapalano sa lungsod at sa urban design ay aabante kasama nitong hitik na plano sa pagpapalakan ayon sa ipinresenta kahapon sa Komite ng Konseho.”

- *Carrie Percival, Chair, Downtown Brampton BIA*

“Nagpapasalamat ang Downtown Brampton BIA sa Konseho para sa liderato nito sa pamumuhunang ito para sa Lungsod ng Brampton at sa lumilitaw na Downtown Brampton Cultural Hub at Innovation District, na simula ng tunay na pagbubukas sa potensyal para sa downtown.”

- *Suzy Godefroy, Executive Director, Downtown Brampton BIA*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakan tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)